


# Bulutong-tubig

Kung ano ang dapat mong malaman

**PROVIDER**WA  
RESOURCES

A foundational public health shared services investment.




## Ang varicella-zoster virus ay nagdudulot ng bulutong-tubig.

### Mga sintomas:


- Pantal na parang paltos.
- Lagnat.
- Sakit ng ulo.
- Pagkapagod.
- Walang ganang kumain.



## Ang bulutong-tubig ay madaling kumalat:





Sa pamamagitan ng hangin.



Sa mga ibabaw.

Ang mga tao ay maaaring magkalat ng bulutong-tubig 1–2 araw bago sila magkaroon ng pantal hanggang ang lahat ng paltos ay bumuo ng mga langib.



## Ang pagpapabakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang bulutong-tubig.

### Ang mga taong hindi nabakunahan ay dapat:

- Umiwas sa mga taong may bulutong-tubig at mga lugar kung saan nangyayari ang paglaganap.
- Madalas maghugas ng kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig.




## Maaaring mapanganib ang bulutong-tubig para sa mga taong:



- Mga sanggol.
- Mga kabataan.
- Matatanda.
- Buntis.
- Namumuhay nang may mahinang immune system.

Maaari itong maging sanhi ng mga impeksiyon sa utak, pneumonia, o mga depekto sa panganganak.


Kung ang mga taong ito ay nahantad sa bulutong-tubig, tumawag kaagad sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.



## Hindi nabakunahan at nahantad? Magpabakuna sa loob ng 3–5 araw upang maiwasan o mabawasan ang sakit.

### Kung magkasakit ka:

- Magpahinga.
- Uminom ng fluids.
- Gamutin ang lagnat at kakulangan sa ginhawa, kung kinakailangan. Huwag kailanman magbigay ng aspirin sa mga bata.



### Bago ba ang bakuna sa bulutong-tubig?

Hindi. Ang mga bata sa Estados Unidos ay nagsimulang makakuha ng bakuna sa bulutong-tubig noong 1995. Simula noon, ang mga kaso ng bulutong-tubig ay bumaba ng 97%. Dose-dosenang mga bansa ang nagrekomenda ng bakuna sa bulutong-tubig para sa mga bata dahil ang pagkuha ng bakuna ay mas ligtas kaysa sa pagkuha ng sakit.

### Ano ang mga side effect ng bakuna sa bulutong-tubig?

Ang pinakakaraniwang epekto ay ang pananakit ng lugar ng iniksiyon, pananakit, pamumula, at pamamaga. Karaniwang nareresolba ang mga ito sa loob ng ilang araw.

### Bakit kailangan natin ng bakuna sa bulutong-tubig?

Karamihan sa mga bata na may bulutong-tubig ay gumagaling pagkatapos ng banayad na karamdaman. Ngunit maaaring mangyari ang malubhang sakit. Ang bulutong-tubig ay maaaring magdulot ng impeksiyon sa utak, pneumonia, impeksiyon sa daluyan ng dugo, at mga depekto sa panganganak.

Bago maging available ang bakuna, humigit-kumulang 4 na milyong tao sa Estados Unidos ang nagkakaroon ng bulutong-tubig bawat taon—mahigit 10,000 ang pumunta sa ospital at mahigit 100 ang namatay.

### Sino ang higit na nasa panganib para sa malubhang sakit mula sa bulutong-tubig?

Ang malubhang sakit mula sa bulutong-tubig ay pinaka-karaniwan sa mga taong hindi immune (hindi nabakunahan at hindi pa nagkaroon ng sakit), lalo na ang mga sanggol, kabataan, matatanda, at mga buntis o humina ang immune system.

### Kailan dapat magpabakuna sa bulutong-tubig ang mga tao?

Iniaatas ng Washington na tumanggap ang mga bata ng bakuna sa bulutong-tubig bago sila pumasok sa paaralan o pangangalaga sa bata.

Inirekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na tumanggap ang mga bata ng dosis ng bakuna sa bulutong-tubig sa 12 buwang gulang at pangalawang dosis sa 4-6 na taong gulang.

Ang mga taong 7 taong gulang o mas matanda pa na hindi immune ay maaaring tumanggap ng 2 dosis ng bakuna.

Ang mga taong hindi immune at nahantad sa bulutong-tubig ay maaaring tumanggap ng bakuna sa loob ng 3–5 upang maiwasan o mabawasan ang sakit.

Ang mga taong ipinanganak bago ang 1980 ay itinuturing na immune dahil malamang na sila ay nagkaroon na ng sakit.

### Paano ko malalaman kung nabakunahan laban sa bulutong-tubig ang aking anak?

Hanapin ang talaan ng pagbabakuna ng iyong anak sa [myirmobile.com](https://myirmobile.com) o makipag-ugnayan sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak.

### Saan makatanggap ng bakuna sa bulutong-tubig ang aking anak?

Maaaring makatanggap ng bakuna sa bulutong-tubig ang iyong anak sa opisina ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o isang parmasya.

### Mayroon bang gamot para sa bulutong-tubig?

Karamihan sa mga taong may bulutong-tubig ay kailangan lamang na gamutin ang lagnat at kakulangan sa ginhawa. Huwag kailanman magbigay ng aspirin sa mga bata.

Ang ilang mga tao ay nasa mataas na panganib para sa malubhang sakit mula sa bulutong-tubig: mga sanggol, kabataan, matatanda, at mga buntis o may mahinang immune system. Kung ang mga taong ito ay nahantad sa bulutong-tubig, tumawag kaagad sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Ang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magreseta ng gamot na antiviral.